

Libretang Pang-medikal para sa mga Dayuhang Mamamayan

在住外国人のための医療ハンドブック



大分県に暮らす外国人の皆さんへ

日本に暮らす外国人の数は年々増加しており、ここ大分県でも10,000人をこえる外国人が暮らしています*。ことばの壁や生活習慣の違いなど、乗り越えなければならぬ課題はいくつかありますが、それらの解決策のひとつとして、外国人医療ハンドブックの作成が企画されました。

日常生活上の問題のなかでも、医療や健康に関することはとても大切です。しかし、日本語を母語としない皆さんにとって、難しいと感じることも多いのではないのでしょうか。

この冊子では、日常の健康を支える制度や、病院のかかり方、妊娠や出産など、多くの人に必要情報をコンパクトにまとめています。また、大分県の誇る温泉についても健康との関連性を含めて紹介しています。

外国人の皆さんの生活向上に役立てていただければ幸いです。

*外国人登録者数（法務省調べ）

[利用上の注意]

- ・掲載されている情報は、2009年12月末の時点で確認されたものです。医療制度などは変更される可能性がありますのでご注意ください。
- ・内容は一般的な人を想定しています。受診の際には、必ず担当医の意見をよく聞き、そちらを優先して判断してください。

[医療・保健行政関係者の方へ]

- ・より多くの人に共通する内容を重視したため、各市町村や医療機関などによっては、多少実態とちがう記載があるかもしれませんがご容赦ください。
- ・社会保障制度などは、在留資格によって適用の有無が変わる場合があります。

平成22年3月
財団法人 大分県文化スポーツ振興財団
理事長 立花 旦子

Para sa mga dayuhang naninirahan sa Oita Prefecture

Ang bilang ng mga dayuhang naninirahan sa Japan ay dumadami taun-taon, at may mahigit sa 10,000 dayuhan ang naninirahan din dito sa Oita Prefecture*. May ilang mga problema ang kailangan harapin ng mga dayuhan tulad ng kaibahan sa wika at ugali sa pamumuhay, bilang isang paraan sa pagkaroon ng solusyon, pinaplano ang paggawa ng isang libretang pang-medikal para sa mga dayuhan.

Sa mga problema sa pang-araw-araw na pamumuhay, ang may kinalaman sa medikal at kalusugan ay napakahalaga. Para sa mga hindi wikang Hapon ang likhang wika, marahil nakakaramdam ng kahirapan sa maraming bagay.

Ang mga impormasyong karaniwan ay kailangan ng karamihan ng tao, tulad ng mga impormasyon tungkol sa mga sistemang tumutulong sa pang-araw-araw na kalusugan, mga tungkol sa ospital, sa pagbubuntis at panganganak, ay sama-samang ibinuo sa libretang ito.

Ang mga mainit na bukal na tangi sa Oita Prefecture, at ang kanilang kaugnayan sa kalusugan, ay pinapahayag din dito.

Kami ay lubusang matutuwa kapag ito ay makakatulong sa pagpaganda ng pamumuhay ng mga dayuhan tulad ninyo.

*Bilang ng mga naka-rehistrong dayuhang residente (siniyasat mula sa Ministry of Justice)

[Paalala sa paggamit]

- Ang mga impormasyong nakalathala ay tiniyak noong katapusan ng Disyembre, 2009. Maaaring magkaroon ng pagbabago sa sistemang medikal atbp, kaya pinangungunahan lamang.
- Ang nilalaman ay para sa pangkaraniwang tao. Kapag magpapatingin, laging pakinggan ang sinasabi ng manggagamot, at bigyan ito ng kahalagahan sa pagpasiya.

[Para sa mga namamahala sa mga medikal / insurance na administrasyon]

- Aming hinihiling ang inyong unawa kapag may kaunting kaibahan ang nakalimbag sa tunay na kalagayan sa bawat munisipalidad at pagamutan, ito ay dahil binigyan ng kahalagaan ang pagbigay ng impormasyon na magkatulad para sa kung maaari lamang ay mas maraming tao.
- Sa kaso ng Social Insurance atbp, maaaring magkaroong ng kaibahan kung ano ang maaari o hindi, batay sa hawak na visa.

Marso, 2010

Oita Prefecture Cultural & Sports Promotion Foundation

目 次

大分県に暮らす外国人の皆さんへ	2
第1部 毎日の健康のために	
地域で受けられる公共サービス	6
市町村が行なっているサービス、問い合わせ先、県が行なっているサービス、 地域別の保健所一覧、コラム：結核に注意！	
社会保障	12
公的健康保険、保険がきくもの、きかないもの、介護保険、生活保護	
多言語による情報	14
第2部 病気・けがの場合	
診察を受けたいとき	16
医療機関の選び方、診察を受けるときに必要なもの、診療科目、診察の流れ	
薬について	20
基本的な注意点、薬を飲むタイミング、外用薬のいろいろ、薬剤師の役割	
夜間・休日の場合	22
夜間・休日診療、救急車の利用の仕方、119番で話すこと、救急車が到着したら	
第3部 妊娠・出産・子育て	
妊娠	26
妊娠したかなと思ったら、母子健康手帳、コラム：出産予定日とは、妊婦健診、 こんな時は早めに受診しましょう！、出産の場所を決める、地域で受けられるサービス	
出産	30
日本でのシステム、入院～出産の流れ、特別な出産方法	
子育て	32
出生に関する手続き、乳幼児健診、予防接種、母乳育児	
子どもと事故	34
コラム：出産・子育てに関する日本独特の習慣	
第4部 感染症	36
感染症とは、コラム：感染症よりこわいもの、感染の原因となるもの：病原体、感染の経路と感染予防方法、 コラム：なぜインフルエンザ予防に手洗いやアルコール消毒がいいの？、よく見られる感染症、日本にはない感染症	
第5部 事故	
まず、行なうこと～応急処置と通報	44
けが人が発生した時の対応、コラム：命を救うAED～誰にでもできる救命処置	
交通事故	46
こんな交通事故が多い！、交通事故にあった（起こした）場合の行動、交通事故によるけがの場合の医療費、 チャイルドシートについて、コラム：交通ルールあれこれ、コラム：自賠責保険と任意保険	
仕事上の事故（労働災害）	50
労働災害の対象となるもの、給付の種類	
第6部 温泉と健康	52
温泉の効用、温泉に入る時のマナー、こういう時は温泉に入らないようにしましょう、 効果的な入浴方法、こんな入浴法もあります、大分県の温泉	
資料編	58
医療に関するミニ用語集、大分県の難読地名	

MGA NILALAMAN

Para sa mga dayuhang naninirahan sa Oita Prefecture	3
1 Para sa araw-araw na kalusugan	
Mga publikong serbisyo na matatanggap mula sa inyong bayan	7
Mga serbisyong isinasagawa ng munisipalidad, Mga serbisyong ibinibigay ng prefecture, Kulumna: Mag-ingat sa tuberculosis (TB)!	
Social Security (Shakai Hoshō)	13
Publikong Health Insurance, Saan magagamit ang insurance, saan hindi maaaring magamit, Nursing Care Insurance (Kaigo Hoken), Livelihood Protection (Seikatsu Hogo)	
Impormasyon sa Iba't-ibang Wika	15
2 Kapag Nagkasakit · Nagkapinsala	
Paano pumili ng pagamutan	17
Mga bagay na kailangan kapag nagpatingin , Ang mga Sangay ng Medisina , Ang paraan ng pagpapatingin	
Tungkol sa mga gamot	21
Mga pangunahing pag-iingat, Ang tamang tiyempo ng pag-inom ng gamot, Ang iba't-ibang uri ng gamot na ginagamit sa labas ng katawan, Ang papel ng isang parmasyutiko	
Sa gabi / araw na pahinga ang trabaho	23
Mga pagpapatingin sa gabi / araw na pahinga ang trabaho, Ang paraan ng paggamit ng ambulansya, Ang pagtawag sa 119, Kapag dumating ang ambulansya	
3 Pagbubuntis / Panganganak / Pagpalaki ng Bata	
Pagbubuntis	27
Kapag palagay ninyo na kayo ay buntis, Ang Libreta para sa Kalusugan ng Ina at Bata, Kulumna: Ano ang “palagay na araw ng panganganak” (shussan youteibi), Ang pagsusuri ng kalusugan para sa mga buntis, Magpatingin agad sa mga sumusunod na mga kaso!, Pagpasiyahan kung saan manganganak, Mga serbisyong matatanggap sa inyong bayan	
Panganganak	31
Ang sistema ng Japan, Ang pamamaraan mula ma-ospital hanggang manganak, Mga di-pangkaraniwang pamamaraan ng panganganak	
Pagpalaki ng Bata	33
Mga isinasagawang gawain na may kaugnayan sa panganganak, Ang Pagsusuri ng Kalusugan ng Sanggol, Bakuna, Pagpapasuso	
Ang mga Bata at Aksidente	35
Kulumna: Mga kaugalian sa panganganak/pagpalaki ng bata na katangi-tangi sa mga Hapon	
4 Ang mga Nakakahawang Sakit	37
Ano ang nakakahawang sakit, Kulumna: Mas nakakatakok pa sa nakakahawang sakit, Ang sanhi ng impeksyon: Pathogenic Microbial Agents (pathogen, kung tawagin), Ang paraan ng pagkahawa ang pagpigil nito, Kulumna: Bakit mabisa sa pagpigil ng pagkahawa ng influenza ang paghugas ng kamay at ang mga pang-disimpektang alcohol?, Mga pangkaraniwang nakakahawang sakit, Mga nakakahawang sakit na wala sa Japan	
5 Aksidente	
Ang mga unang dapat gawin - Mga Hakbang Pang-emerhensya at ang Pagbigay-alam	45
Ang dapat gawin kapag may taong napinsala, Kulumna: Iligtas ang buhay AED - ang pang-emerhensyang gamit na magagamit ng kahit sino man	
Aksidenteng Trapiko	47
Ang mga uri ng aksidenteng ito ay madalas mangyari!, Mga dapat gawin kapag na-aksidente (naging sahi ng aksidente), Ang gastusing medikal para sa kاپinsalaan mula sa aksidenteng trapiko, Tungkol sa child seat, Kulumna: Ang mga patakaran sa trapiko, ito at iyon	
Mga aksidente habang nagtatrabaho (aksidente sa trabaho)	51
Mga kasong maaaring ituring na aksidente sa trabaho, Ang uri ng mga benepisyong matatanggap	
6 Mainit na Bukal at Kalusugan	53
Ang epekto ng mainit na bukal, Ang tamang gawi sa paggamit ng mga mainit na bukal, Huwag maglublog sa mainit na bukal sa mga kasong ito, Ang ma-epektibong paraan ng pagligo, May mga ganitong uri ng pagligo, Ang mga mainit na bukal ng Oita Prefecture	
Apendiks	59
Maliit na listahang may kaugnayan sa medisina, Mga pangalan ng lugar sa Oita Prefecture na mahirap basahin	

第1部 毎日の健康のために

何よりもまず大切なのは、「病気にならない」ことです。そのためには日ごろからの健康管理を心がける必要があります。日本にはいろいろなサービスがありますので、積極的に利用しましょう。

●地域で受けられる公共サービス

代表的なものを紹介します。くわしくは役場の窓口で確認してください。

市町村が行なっているサービス

◇住民健診

- ・総合健診（市民健診）

国民健康保険の加入者を対象にしています。料金は無料です（一部除く）。

（内容）身長・体重測定、血圧測定、視力検査、胸部レントゲン検査、血液検査（貧血、肝機能、腎機能、糖尿病因子など）、尿検査など

- ・骨粗しょう症検診

骨の密度を測定します。

- ・がん検診

市民を対象にしています。内容によって受けられる年齢や料金がちがいます。

（内容）・胃がん、子宮がん、乳がんなど。

*開催スケジュールは市町村役場の窓口か広報紙（日本語のみ）で確認してください。

◇母子保健事業

- ・母子健康手帳の交付
- ・訪問指導・相談
- ・乳幼児健康診査
- ・予防接種

*くわしくは「第3部 妊娠・出産・子育て」（26ページ）を見てください。

◇高齢者（介護・福祉）事業

- ・介護保険を使ったサービス
- ・健康手帳の交付
- ・高齢者インフルエンザ予防接種
- ・ボランティアなどによる家庭訪問

*市町村によってサービス内容はちがいます。

1 Para sa araw-araw na kalusugan

Mahigit sa kahit ano pa man, ang unang napakahalaga ay ang [hindi magkasakit]. Upang manatiling malusog, mahalaga na pangalagaan ang kalusugan araw-araw. May mga iba't-ibang uring serbisyo sa Japan na dapat hindi mag-atubiling gamitin.

● Mga publikong serbisyo na matatanggap mula sa inyong bayan

Ipapakilala ang mga pangunahing na mga serbisyo. Para sa mas detalyadong impormasyon, magtanong lamang sa munisipyo.

Mga serbisyong isinasagawa ng munisipalidad

- ◇ Ang pagsusuri ng kalusugan ng mga naninirahan sa munisipalidad (*Jumin Kenshin*)
 - Ang pangkalahatang pagsusuri ng kalusugan (pagsusuri ng kalusugan ng mga mamamayan) [Sogo Kenshin (*Shimin Kenshin*)]
Ito ay para sa mga kasapi ng National Health Insurance (*Kokumin Kenko Hoken*). Walang bayad ito (maliban sa isang bahagi) (Nilalaman) Pagsukat ng taas at bigat, pagkuha ng blood pressure, pagsukat ng paningin, x-ray ng dibdib, pagsuri ng dugo (anemia, kalagayan ng atay, kalagayan ng bato, dyabetis, atbp), pagsusuri ng ihi, atbp.
 - Osteoporosis Screening
Sinusukat ang densidad ng buto.
 - Pagsusuri ng kanser
Ito ay para sa mga mamamayan. Ang edad ng taong maaaring masuri at ang bayad ay nag-iiba batay sa uri ng pagsusuring gagawain.
 - ◇ Serbisyo para sa kalusugan ng ina at bata
 - Pagbigay ng Libreta para sa Kalusugan ng Ina at Bata (*Boshi Kenko Techo*)
 - Pagpunta sa bahay upang magbigay payo at para makinig sa sangguni
 - Pagsusuri sa kalusugan ng sanggol
 - Bakuna
 - * Para sa karagdagang impormasyon, tignan lamang ang [Ika-3 Bahagi Pagbubuntis / Panganganak / Pagpalaki ng Bata]
 - ◇ Serbisyo para sa mga matatanda (pag-aalaga / welfare)
 - Serbisyong matatanggap kapag ginamit ang nursing insurance (*Kaigo Hoken*)
 - Pagbibigay ng Libreta para sa Kalusugan (*Kenko Techo*)
 - Bakuna sa trangkaso para sa mga matatanda
 - Pagpunta sa bahay ng mga boluntayo, atbp.
- * Ang nilalaman ng serbisyo mula sa munisipalidad ay naiiba.

市町村の問い合わせ先

	担 当	住 所	電話番号
おおいたし 大分市	おおいたし ほけんしょ 大分市保健所	おおいたし にあげまち 大分市荷揚町6-1	097-536-2517 097-536-2516
べつぷし 別府市	ほけんいりょうか 保健医療課	べつぷし かののぐちちよう 別府市上野口町1-15	0977-21-1448 (直通)
なかつし 中津市	けんこうほけんか 健康保険課	なかつし とよだまち 中津市豊田町14-3	0979-22-1170 (直通)
ひたし 日田市	ちいきほけんか 地域保健課	ひたし かもじょうないまち ひたし そうごう 日田市上城内町1-8 日田市総合 ほけんふくし 保健福祉センターウエルピア内	0973-24-3000
さいきし 佐伯市	けんこうぞうしんか 健康増進課	さいきし ほうじま 佐伯市向島1-3-8	0972-23-4500 (直通)
うすきし 臼杵市	ほけんけんこうか 保健健康課	うすきし おおあざうすき 臼杵市大字臼杵72-1	0972-63-1111
つくみし 津久見市	けんこうすいしんか 健康推進課	つくみし みやもとちよう 津久見市宮本町20-15	0972-82-9523 (直通)
たけたし 竹田市	けんこうすいしんか 健康推進課	たけたし おおあざあい 竹田市大字会々 1650	0974-63-4810 (直通)
ぶんこうただし 豊後高田市	こぞだ けんこうすいしんか 子育て・健康推進課	ぶんこうただし おだま ぼんち 豊後高田市御土114番地	0978-22-3100 (内6414)
きつきし 杵築市	けんこうすいしんか 健康推進課	きつきし やまが まちおおあざのほる 杵築市山香町大字野原1010-2	0977-75-1111
うさし 宇佐市	けんこうか 健康課	うさし おおあざうさだ 宇佐市大字上田1030-1	0978-32-1111
ぶんこうおのし 豊後大野市	けんこうふくしか 健康福祉課	ぶんこうおのし みえまちいちば 豊後大野市三重町市場1200	0974-22-1001 (内2127)
ゆふし 由布市	けんこうぞうしんか 健康増進課	ゆふし ゆふいんちようかわかみ 由布市湯布院町川上3738-1	0977-84-3111
くにさきし 国東市	しみんけんこうか 市民健康課	くにさきし くにさきちよう たふか 国東市国東町田深297-12	0978-73-2450 (直通)
ひめしまわら 姫島村	けんこうすいしんか 健康推進課	ひがしくにさきぐんひめしまわら ぼんち 東国東郡姫島村1560番地の1	0978-87-2177
ひじまち 日出町	けんこうすいしんか 健康推進課	はやみぐんひじまち 速見郡日出町2974-1	0977-73-3130 (直通)
このえまち 九重町	せいかつか ふれあい生活課	くすぐんこのえまちおおあざうしろのがみ 玖珠郡九重町大字後野上17	0973-76-3838
くすまち 玖珠町	ふくしほけんか 福祉保健課	くすぐんくすまちおおあざいわわら 玖珠郡玖珠町大字岩室24-1	0973-73-9130

県が行なっているサービス

◇感染症に関すること

- ・エイズ抗体検査：希望の方は匿名でうけることができます。事前予約が必要です。
- ・インフルエンザ対策：相談窓口を開設しているほか、感染者の把握、統計などを行なっています。

◇難病に関すること

- ・治療費などの助成や、医療相談の対応を行なっています。

◇母子保健に関すること

- ・未熟児や、特定の病気に対する医療費の助成制度があります。

◇精神保健に関すること

- ・こころの相談

「ハートコムおおいた」や各保健所で面談と電話による相談をうけつけています。面談は

Ang mga mapagtatanungan sa loob ng munisipalidad

	Kinaaukulan	Lugar	Telepono
Oita-shi	Oita-shi hokensho	Oita-shi Niage-machi 6-1	097-536-2517 097-536-2516
Beppu-shi	Hoken iryo-ka	Beppu-shi Kaminoguchi-cho 1-15	0977-21-1448 (direct)
Nakatsu-shi	Kenko hoken-ka	Nakatsu-shi Toyoda-machi 14-3	0979-22-1170 (direct)
Hita-shi	Chiiki hoken-ka	Hita-shi Kamijonai-machi 1-8 Hita-shi sogo hoken fukushi centerwelpia-nai	0973-24-3000
Saiki-shi	Kenko zoshin-ka	Saiki-shi hojima 1-3-8	0972-23-4500 (direct)
Usuki-shi	Hoken kenko-ka	Usuki-shi ooaza usuki 72-1	0972-63-1111
Tsukumi-shi	Kenko suishin-ka	Tsukumi-shi miyamotocho 20-15	0972-82-9523 (direct)
Taketa-shi	Kenko suishin-ka	Taketa-shi ooaza aiai 650	0974-63-4810 (direct)
Bungotakada-shi	Kosodate / Kenko suishin-ka	Bungotakada-shi odama 114	0978-22-3100 (ext. 6414)
Kitsuki-shi	Kenko suishin-ka	Kitsuki-shi yamaga-machi ooaza noharu 1010-2	0977-75-1111
Usa-shi	Kenko-ka	Usa-shi ooaza ueda 1030-1	0978-32-1111
Bungo-ono-shi	Kenko fukushi-ka	Bungo-ono-shi mie-machi ichiba 1200	0974-22-1001 (ext. 2127)
Yufu-shi	Kenko zoshin-ka	Yufu-shi yufuin-cho kawakami 3738-1	0977-84-3111
Kunisaki-shi	Shimin kenko-ka	Kunisaki-shi kunisaki-cho tabuka 297-12	0978-73-2450 (direct)
Himeshima-mura	Kenko suishin-ka	Higashikunisaki-gun himeshima-mura 1560-1	0978-87-2177
Hiji-machi	Kenko suishin-ka	Hayami-gun hiji-machi 2974-1	0977-73-3130 (direct)
Kokonoe-machi	Fureai seikatsu-ka	Kusu-gun kokonoe-machi ooaza ushiro nogam 17	0973-76-3838
Kusu-machi	Fukushi hoken-ka	Kusu-gun kusu-machi ooaza iwamuro 24-1	0973-73-9130

Mga serbisyong ibinibigay ng prefecture

◇Tungkol sa mga nakakahawang sakit

- AIDS Antibody Test: Maaaring makapagpasuri nito na hindi ibibigay ang pangalan. Kailangan ang appointment upang magpasuri.
- Pagsugpo ng trangkaso: Maliban sa pagtayo ng mga lugar upang makapagsangguni, ginagawa rin ang paghanap sa mga taong nahawa, paglabas ng estatistiko ng bilang ng maysakit, atbp.

◇Tungkol sa mga sakit na walang kalunasan

- Nagbibigay ng tulong sa pagbayad ng gastos sa pagpapagamot atbp, at medikal na sangguni.

◇Tungkol sa kalusugan ng ina at bata

- May sistema sa pagtulong sa gastusing medikal ng mga premature na mga sanggol at para sa mga nakatakdang sakit.

◇Tungkol sa kalusugan ng pag-iisip

- Sangguni ng puso

Ang [Heart-Com Oita] at ang mga publikong health centers ay tumatanggap ng sangguni sa

予約が必要です。

◎ハートコムおおいた

〒870-1155 おおいたけんおおいたし おおあざたまざわあざひらいし 大分県大分市大字玉沢字平石908番地

精神保健福祉相談電話：097-541-6290 ころの電話：097-542-0878

地域別の保健所一覧

◎別府市、杵築市、日出町			
とうぶ ほけんしよ 東部保健所	べっふおほあざつる みあざしもたい 別府市大字鶴見字下田井14-1	0977-67-2511	別府総合庁舎
◎姫島村、日出町			
とうぶ ほけんしよ ちいきふくししつ 東部保健所地域福祉室	はやみぐん ひじまらあざに おうやま 速見郡日出町字仁王山3531-24	0977-72-2327	日出総合庁舎
◎国東市、姫島村			
とうぶ ほけんしよ ちいきふくししつ 東部保健所国東保健部	くにさき しくにさきちやうあんこくじ 国東市国東町 安国寺786-1	0978-72-1127	国東総合庁舎
◎臼杵市、津久見市			
ちゆうぶ ほけんしよ 中部保健所	うすきし おおあざうすきあざすさき 臼杵市大字臼杵字洲崎72-34	0972-62-9171	
◎由布市			
ちゆうぶ ほけんしよ づふ ほけんぶ 中部保健所由布保健部	づふ しやうないちやうかきはる 由布市庄内町 柿原337-2	097-582-0660	
◎佐伯市			
なんぶ ほけんしよ 南部保健所	さいきし ほうじま 佐伯市向島1-4-1	0972-22-0562	
◎竹田市、豊後大野市			
ほうひ ほけんしよ 豊肥保健所	ぶんごおの し み えまちいちば 豊後大野市三重町市場934-2	0974-22-0162	
◎日田市、九重町、玖珠町			
せいぶ ほけんしよ 西部保健所	ひたし たしま 日田市田島2-2-5	0973-23-3133	
◎九重町、玖珠町			
せいぶ ほけんしよ ちいきふくししつ 西部保健所地域福祉室	くすぐんくすまちおおあざつかわき 玖珠郡玖珠町大字塚脇137-1	0973-72-9522	玖珠総合庁舎
◎中津市、宇佐市			
ほくぶ ほけんしよ 北部保健所	なかつ しちやうおうち 中津市中央町1-10-42	0979-22-2210	
◎豊後高田市			
ほくぶ ほけんしよ ぶんごたかだし 北部保健所豊後高田保健部	ぶんごたかだし これながまち 豊後高田市是永町39	0978-22-3165	高田総合庁舎

コラム：結核に注意！

結核はエイズ、マラリアとともに世界の三大感染症と呼ばれる病気です。しかし、早期発見することで治すことが期待できます。2週間以上咳が続く場合は、受診して胸部レントゲン検査や痰（たん）の検査を受けるようにしてください。

pagitan ng pagpunta sa kanila o sa telepono. Kung balak na pumunta upang sumangguni, kailang kumuha ng appointment.

◎Heart-Com Oita

908 Aza Hiraishi, Oaza Tamazawa, Oita City, Oita Prefecture 870-1155

Telepono pasa sa sangguni tungol sa kalusugan ng pag-iisip at sa welfare: 097-541-6290

Telepono para sa sangguni ng puso: 097-541-0878

Listahan ng mga publikong health centers sa bawat bayan

◎Beppu-shi, Kitsuki-shi, Hiji-machi			
Tobu-hokensho	Beppu-shi oaza tsurumi aza shimotai 14-1	0977-67-2511	Beppu sogo chosha
◎Himeshima-mura, Hiji-machi			
Tobu-hokensho chiiki fukushi-shitsu	Hayami-gun hiji-machi aza niouyama 3531-24	0977-72-2327	Hiji sogo chosha
◎Kunisaki-shi, Himeshima-mura			
Tobu-hokensho kunisaki hoken-bu	Kunisaki-shi kunisaki-cho ankouji 786-1	0978-72-1127	Kunisaki sogo chosha
◎Usuki-shi, Tsukumi-shi			
Chubu-hokensho	Usuki-shi oaza usuki aza susaki 72-34	0972-62-9171	
◎Yufu-shi			
Chubu-hokensho yufu hoken-bu	Yufu-shi shonai-cho kakiharu 337-2	097-582-0660	
◎Saiki-shi			
Nanbu-hokensho	Saiki-shi hojima 1-4-1	0972-22-0562	
◎Taketa-shi, Bungo oono-shi			
Hohi-hokensho	Bungo oono-shi mie-machi ichiba	0974-22-0162	
◎Hita-shi, Kokonoe-machi, Kusu-machi			
Seibu-hokensho	Hita-shi tashima 2-2-5	0973-23-3133	
◎Kokonoe-machi, Kusu-machi			
Seibu-hokensho chiiki fukushi-shitsu	Kusu-gun kusu-machi oaza tsukawaki 137-1	0973-72-9522	Kusu sogo chosha
◎Nakatsu-shi, Usa-shi			
Hokubu-hokensho	Nakatsu-shi chuo-machi 1-10-42	0979-22-2210	
◎Bungotakada-shi			
Hokubu-hokensho bungo takada hoken-bu	Bungotakada-shi korenaga-machi 39	0978-22-3165	Takada sogo chosha

Kulumna: Mag-ingat sa tuberculosis (TB)!

Ang tuberculosis (TB) ay isa sa tatlong pangunahing sakit na nakakahawa, kasama ang AIDS at malarya. Ngunit kapag maagang matuklasan, ito ay maaaring mapagaling ng lubusan. Kapag ang ubo ay nananatili ng mahigit 2 linggo, magpatingin lamang at magpa-iksamen ng x-ray at kumuha ng mucous test.

● 社会保障

病気などによって、生活に支障がおこった場合に受けられるサービスを「社会保障」といいます。外国人の場合、受けられるサービスの一部に制限がある場合があります。

公的健康保険

日本では、すべての国民が何らかの公的医療保険に加入する『国民皆保険制度』が採用されています。公的健康保険に加入すると、医療費の一部(多くの場合30%)の負担ですみ、自己負担の最高額を超えると支払ったお金が戻ってきます。これらのシステムは加入者が支払う保険料によって運営されています。会社で働く人(およびその家族)が加入する『社会保険』と、自営業者や退職者などが加入する『国民健康保険』に分けることができます。

◇社会保険

国籍や在留資格にかかわらず、雇用されている人が入る保険です。アルバイトでも加入できる場合があります。保険料は給料からあらかじめ差し引かれます。

◇国民健康保険

社会保険に加入していない人のための保険です。外国人の場合、以下の条件があります。

- ・外国人登録を行なっていること
 - ・1年以上の在留期間があること(留学生など、長期間の滞在が明らかな場合は、在留期間が1年未満でも加入できます)
- 保険料は各自で市町村役場に支払います。

保険がきくもの、きかないもの

保険がきくもの	保険がきかないもの
通常の診察、医療処置、手術、薬や治療材料、在宅療養および看護、入院および看護(食事は別)	美容整形、健康診断、予防接種(子どもの指定予防接種はのぞく)、 正常分娩、経済上の理由による人工妊娠中絶業務に起因するけがや病気(労災保険の対象です) 交通事故(自賠償保険の対象です)

介護保険

介護保険とは、高齢者が介護を必要とする状態になっても、できる限り自分の家で自立した日常生活が送れるように、介護サービスなどを提供するシステムです。介護保険の加入対象は、65歳以上の人と、公的医療保険に加入している40歳から64歳までの人です。

介護保険を利用するためには、市町村役場に申し出て要介護認定を受ける必要があります。

外国人の場合、以下の条件があります。

- ・外国人登録を行なっていること

● Social Security (*Shakai Hoshō*)

[Social Security (*Shakai Hoshō*)] ang tawag sa serbisyong matatanggap kapag nahirapan mamuhay dahil sa sakit, atbp. Para sa mga dayuhan, maaaring may limitasyon sa bahagi ng mga serbisyong matatanggap.

Publikong Health Insurance

Sa Japan, isinagawa ang isang [universal health care system] na ang lahat ng mamamayan ay nakasapi sa isang publikong health insurance. Kapag sumapi sa isang publikong health insurance, bahagi lamang ng gastusing medikal ang kailangang bayaran (karaniwan ay 30%), at kapag higit sa nakatakdang bahagi ng halaga ang binayaran, and higit na binayad ay ibabalik. Ang sistemang ito ay gumagana na gamit ang binabayad sa insurance ng mga kasapi. Nahahati and insurance sa [Social Insurance] na sinasapian ng mga taong nagtatrabaho sa mga kompanya (at ng kanilang pamilya), at sa [National Health Insurance] na sinasapian ng mga taong tulad ng may sariling negosyo at mga taong retirado.

◇ Social Insurance (*Shakai Hoken*)

Ito ang insurance na sinasapian ng mga taong nagtatrabaho kahit anupaman ang kanilang nasyonalidad o visa. May kasong kahit na ang nagtatrabaho ng pansamantala lamang ay nakakasapi. Ang bayad sa insurance ay tinatangal na sa suweldo.

◇ National Health Insurance (*Kokumin Kenko Hoken*)

Ang insurance na ito ay para sa mga taong hindi kasapi sa Social Insurance. Ang mga sumusunod ay ang mga saligang nakatakda para sa mga dayuhan.

- Kailangan magparehistro bilang isang dayuhang residente
- Kailangan ang nakatakdang panahon upang manatili sa Japan ay isang taon o mahigit pa (ang mga taong tulad ng mga dayuhang mag-aaral, na malinaw na mananatili dito ng mahigit sa isang taon, ay maaaring sumapi kahit na ang kasalukuyang nakatakdang panahon ng pananatili ay walang isang taon).

Ang bayad sa insurance ay babayaran ng bawat isa sa munisipyo.

Saan magagamit ang insurance, saan hindi maaaring magamit

Saan magagamit ang insurance	Saan hindi maaaring magamit
Karaniwang pagpapatingin sa manggagamot, pagpapagamot, opera, gamot at mga gamit sa paggamot, pagpapagaling sa bahay at pag-aalaga, pagka-ospital at pag-aalaga (bukod ang bayad sa pagkain)	Operang pang-kosmetiko, pagpapasuri ng kalusugan, bakuna (maliban sa mga nakatakdang bakuna para sa mga bata), normal na panganganak, kapinsalaan o sakit dahil sa pagpapalaglag ng bata na isinagawa sa pinansyal na dahilan (ito ay sakop ng Worker's Compensation Insurance), aksidenteng trapiko (ito ay sakop ng Mandatory Automobile Third Party Liability Insurance)

Nursing Care Insurance (*Kaigo Hoken*)

Ang Nursing Care Insurance ay isang sistema na nagbibigay ng serbisyong pag-aalaga, atbp, para sa mga matatanda upang hanggang maari sila ay makapanatiling hindi umaasa sa iba sa bahay kahit na sila ay mangailangan ng pag-aalaga. Ang mga taong maaaring sumapi sa Nursing Care insurance ay mga taong nasa edad na 65 o higit pa, at mga taong nasa edad ng 40 hanggang 64 na sakapi ng

- ・ 1年以上の在留期間があること（留学生など、長期間の滞在が明らかな場合は、在留期間が1年未満でも加入できます）

◇介護保険で受けられる主なサービス

- ・ 訪問サービス（生活援助、入浴援助、リハビリテーションなど）
- ・ 通所サービス（食事・入浴介助、機能訓練、リハビリテーションなど）
- ・ 入所サービス（特別養護老人ホーム、グループホームなど）

生活保護

経済的に生活が苦しくなった場合、最低限度の生活を保障するために、生活保護の申請をすることができます。生活の実態などの審査を受けて、必要であると認められれば給付を受けられます。

外国人の場合は、在留資格上の制限があります（永住者、定住者、日本人の配偶者等、永住者の配偶者等）。窓口は市町村の福祉事務所または福祉担当課です。

●多言語による情報

インターネットのサイトには、多言語で医療や健康に関する情報をのせているものがあります。地域の情報と合わせて利用してみましょう。

◇全国版のサイト

- ・ 多言語生活情報（自治体国際化協会）
生活に関する情報が豊富にのっています。全13言語。
<http://www.clair.or.jp/tagengo/>
- ・ 多言語問診票（ハーティ港南台、神奈川県国際交流財団）
病院を受診するときに使える問診表が、診療科目ごとにダウンロードできます。全15言語。
www.k-i-a.or.jp/medical/
- ・ 多言語版救急時情報収集シート（多文化共生センターひょうご）
急な病気やけがで救急車を呼びたいときに使える指さし式の用語集。全20言語。
<http://www.tabunka.jp/hyogo/119/>

◇大分県内のサイト

- ・ 大分市（英語、中国語、韓国語）
<http://www.city.oita.lg.jp/>
- ・ 別府市（英語、中国語、韓国語、イタリア語）
<http://www.city.beppu.oita.jp/>

isang publikong health insurance.

Upang magamit ang Nursing Care Insurance, kailangan humiling sa munusipyo at ma-aprobahan na kailangan ang pag-aalaga.

Ang mga sumusunod ay ang mga saligang nakatakda para sa mga dayuhan.

- Kailangan magparehistro bilang isang dayuhang residente
- Kailangan ang nakatakdang panahon upang manatili sa Japan ay isang taon o mahigit pa (ang mga taong tulad ng mga dayuhang mag-aaral, na malinaw na mananatili dito ng mahigit sa isang taon, ay maaaring sumapi kahit na ang kasalukuyang nakatakdang panahon ng pananatili ay walang isang taon)
- ◇ Ang mga pangunahing serbisyong matatanggap kapag ginamit ang Nursing Care Insurance
 - Serbisyo sa bahay (tulong sa pangaraw-araw na pamumuhay, tulong sa pagligo, rehabilitation, atbp.)
 - Serbisyo kapag pumupunta sa pasilidad (tulong sa pagkain at pagligo, pagsanay sa paggawa, rehabilitation, atbp.)
 - Serbisyo kapag pumasok ng tuluyan sa isang pasilidad (espesyal na bahay paalagaan para sa mga matatanda, bahay paalagaan pang-grupo, atbp.)

Livelihood Protection (*Seikatsu Hogo*)

Kapag nahirapan upang suportahin ang pamumuhay, maaaring humiling ng Livelihood protection para masiguro ang pinakamababang antas ng pamumuhay. Matapos masiyasat ang kalagayan ng pamumuhay, maaaring makatanggap ng mga benepisyo kapag napatunayan na kinakailangan.

Para sa mga dayuhan, may mga limitasyon batay sa uri ng visa (permanenteng residente, residenteng mahaba ang pananatili, asawa ng isang mamamayan ng Japan, asawa ng isang permanenteng residente). Pumunta lamang sa tanggapan ng welfare o sa departamentong may hawak ng welfare sa munisipalidad.

● Impormasyon sa Iba't-ibang Wika

May mga site sa internet na makikita ang mga impormasyon pang-medikal at tungkol sa kalusugan sa iba't-ibang wika. Gamitin ito sabay sa mga impormasyong makukuha mula sa sariling bayan.

◇ Mga sites pambansa

- Impormasyon Tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika (Council of Local Authorities for International Relations)
Nagtataglay ng masaganang impormasyon tungkol sa araw-araw na pamumuhay. 13 wika ang makikita.
<http://www.clair.or.jp/tagengo/>
- Palatanungang medikal na maaaring gamitin kapag pumunta sa ospital para magpatingin, maaaring i-download sa bawat sangay ng medisina. 15 wika ang makikita.
www.k-i-a.or.jp/medical/
- Palatanungan para sa Pang-emerhensiyang Impormasyon sa Iba't-ibang Wika (Center for Multicultural Society - HYOGO)
Palatanungan na maaaring sagutin sa pamamagitan ng pagturo, na maaaring gamitin kapag nais tumawag ng ambulansya dahil sa biglaang pagkakasakit or pagkapinsala. 20 wika ang makikita.
<http://www.tabunka.jp/hyogo/119/>
- ◇ Mga site sa loob ng Oita Prefecture
 - Oita City (Ingles, Instil, Koreano) <http://www.city.oita.lg.jp/>
 - Beppu City (Ingles, Intsik, Koreano, Italyano) <http://www.city.beppu.oita.jp/>

第2部 病気・けがの場合

● 診察を受けたいとき

医療機関の選び方

医療機関は、規模によって「病院」と「診療所（クリニック）」に分けることができます。症状の軽いときにはまず診療所を受診し、入院や手術が必要になれば病院を紹介されるのが一般的です。ふだん受診する「かかりつけ医」を決めておくと、かかった病気や検査に関するデータがひとつにまとまっているので、効率よく診療を受けることができます。また、病気の早期発見が期待できます。

診察を受けるときに必要なもの

- ◇健康保険証 *健康保険については第1部（12ページ）に詳しいことが載っています。
 - ・初診のときには必ず提示する必要があります。
 - ・2回目以降は、必要に応じて提示を求められます。なるべく毎回持っていくほうがよいでしょう。
- ◇現金
 - ・クレジットカードが使える場合もありますが、念のためいくらかの現金を持っていきましょう。
- ◇紹介状（あれば）
 - ・大きい病院（200床以上）では、紹介状なしの受診は「非紹介患者加算」を負担することがあります（1000～5000円程度、病院により異なる）。
- ◇今のんでいる薬（あれば）
 - ・日本に来る前からのんでいる場合、薬の名前が日本とちがう場合があります。できればパッケージも持っていきましょう。

診療科目

日本では、患者さん自身がどの科を受けるかを決めます。代表的な科目を紹介します。病院によって扱う科目や曜日がちがいますので、事前に確認しましょう。

診療科目	内容	扱う主な病気
内科	身体の内部に関する病気を扱います。規模の大きい病院では、消化器（胃、腸など）、循環器（心臓など）、内分泌（糖尿病など）、呼吸器（肺、気管支など）などの専門に分かれていることが一般的です。	かぜ、胃腸炎、高血圧、糖尿病、肝炎など
外科	けがや手術を必要とする病気を扱います。	虫垂炎（盲腸）、がん（手術が必要な場合）、胆石など
整形外科	骨や関節、筋肉の病気やけがを扱います。 *二重まぶたや、脂肪吸引の手術をするのは「美容外科」です。	骨折、ねんざ、腰痛など

2 Kapag Nagkasakit • Nagkapinsala

● Kapag nais ninyong magpatingin sa manggagamot

Paano pumili ng pagamutan

Ang mga pagamutan ay nahahati sa mga ospital at klinika batay sa laki ng kanilang operasyon. Kapag ang mga sintomas ay magaan lamang, magpatingin muna sa klinika, kapag kailangan maospital o ma-opera, karaniwan ay ipapakilala kayo ng klinika sa ospital. Kapag may [manggagamot na palaging pinupuntahan] upang magpatingin, and tala ng mga sakit at pagsusuri sa inyo ay nasasama-sama sa isang lugar, ang inyong pagpapasuri ay magiging mas mabisa. Maaasahan na madaling matuklasan kung may karamdaman.

Mga bagay na kailangan kapag nagpatingin

◇ Health Insurance Card *Ang health insurance ay mas detalyadong tinatalakay sa Unang Bahagi (pahina 13).

- Kailangan ito ipakita sa inyong unang pagpatingin.
- Mula sa ikalawa at sa mga susunod pa, hihilingin na ipakita ito kapag kailangan lamang. Siguraduhing dala ito tuwing kayo ay pumunta upang magpatingin.

◇ Pera

- May mga kasong maaaring gamitin ang credit card, ngunit upang makasiguro magdala rin ng pera.

◇ Sulat ng Pagpapakilala (kung mayroon)

- Sa mga malalaking ospital (200 kama o higit pa), may kasong kayo ay pababayaran ng [dagdag na bayad para sa mga hindi ipinakilalang pasyente] kung kayo ay magpatingin na walang sulat ng pagpapakilala.

◇ Mga gamot na kasalukuyang iniinom (kung mayroon)

Sa kasong ang mga gamot ay inyong iniinom bago pa kayo pumunta sa Japan, may mga kaso na ang pangalan ng gamot ay naiiba sa Japan. Kung maaari, dalhin din ang lalagyan ng gamot.

Ang mga Sangay ng Medisina

Sa Japan, ang pasyente and nagpapasiya kung saan siyang sangay ng medisina magpatingin. Ang mga pangunahing sangay ay pinapakilala. Batay sa ospital, ang araw para magpatingin ay naiiba para sa bawat sangay kaya tiyakin lamang ang mga araw na ito.

Sangay ng Medisina	Ang Isinasagawa	Mga pangunahing sakit na kinauukulan
Medisina ng Internal	Tinatrato ang mga sakit sa loob ng parte ng katawan. Karaniwan, sa malalaking ospital, iniiba ang mga pinagkadaubhasaan batay sa bahagi ng katawan tulad ng para sa bahaging may kaugnayan sa patutunaw ng pagkain (tiyan, bituka, atbp.), mga bahaging may kaugnayan sa pagsirkula ng dugo (puso, atbp.), mga bahaging may kaugnayan sa internal secretions (diyabetis, atbp.), mga bahaging may may kaugnayan sa paghinga (baga, bronchial tubes, atbp.), atbp.	Sipon, gastroenteritis, alta presyon, diyabetis, hepatitis, atbp.

眼科	眼やその周囲の病気を扱います。視力検査、眼鏡やコンタクトレンズの調整もできます。 *コンタクトレンズの購入に保険はききません。	近視、白内障、老眼、結膜炎など
耳鼻咽喉科	耳、鼻、のどの病気のほか、めまいに関する病気も扱います。聴力検査、補聴器の調整もできます。	中耳炎、鼻炎、花粉症（鼻水がでるとき）、難聴など
皮膚科	皮膚病や皮膚表面の症状などを扱います。	皮膚炎、いぼ、にきび、うおのめ、あざなど
産婦人科	子宮や卵巣など、女性特有の病気や、妊娠・出産を扱います。避妊用の薬や器具の処方も行なっています。 *乳がんは外科で扱っています。	子宮筋腫、子宮内膜症、更年期障害、不妊症など
小児科	子どもの病気全般を扱います。また、予防接種や乳幼児健診も行なっています。18歳まで受診することができます。	(子どもの) かぜ、ぜんそく、はしか、アトピー性皮膚炎、そけいヘルニアなど
泌尿器科	腎臓や膀胱の病気、前立腺など男性生殖器の病気を扱います。	膀胱炎、腎炎、腎結石、前立腺肥大など
脳神経外科	頭部の大きなけがや、脳やその周辺の病気を扱います。	脳出血、脳梗塞、くも膜下出血など
精神科	不安、うつ、不眠などの症状を伴う病気を扱います。カウンセリングを行なっているところもあります。	統合失調症、うつ病、ストレス障害、認知症など

診察の流れ

日本の病院では、予約をとることはあまり一般的ではありません。診療時間内なら好きなときに受診できますが、反面、待ち時間が長くなる傾向があります。

診察の詳しい流れは以下のとおりです。通訳者といっしょの場合は、最初に申し出ておきます。

1) 診察手続き

- ・受付で診察券と診療記録を作ります。

2) 診療科へ移動する

- ・手続きが済んだら、診察を申し込んだ科に移動します。

3) 診療科での手続き

- ・紹介状や他の病院での検査結果などがある場合は、このときに提出します。
- ・問診票を渡されますので、それに記入をします。

4) 待ち合い

- ・診察は原則として受付順です。自分の番号や名前が呼ばれるまで待ちましょう。

5) 診察を受ける

- ・必要に応じて検査や処置などがあります。また、診療科によって特有の診察方法があります。

Pag-opera	Tinatrato ang mga sakit na kailangan ng opera	Appendectomy (appendix), kanser (kapag kailangan ang opera), gallstones, atbp.
Orthopedics	Tinatrato ang mga buto at mga kasukasuan, mga sakit at pinsala sa kalamanan. *Ang sangay ng medisina na gumagawa ng tiklop sa mata at liposuction ay ang [cosmetic surgery].	Bali, pilay, lumbago, atbp.
Optalmolohiya	Tinatrato ang mga sakit ng mata at ng kapaligiran nito. Ginagawa rin ang pagsuri ng paningin, at pagbibigay ng salamin at kontak lens. *Ang insurance ay hindi magagamit sa pagbili ng kontak lens.	Myopia, cataract, presbyopia, conjunctivitis, atbp.
Otolaryngology	Tinatrato ang mga sakit sa tainga, ilong at lalamunan, pati rin ang mga sakit na may kinalaman sa pagkahilo. Ginagawa rin ang pagsuri ng pandinig at pagbibigay ng mga hearing aid.	Otitis media, rhinitis, pollinosis (kapag matulo ang ilong), kahirapan sa pandinig, atbp.
Dermatolohiya	Tinatrato ang mga sakit ng balat at mga sintomas sa balat.	Dermatitis, kulugo, tighawat, corns, balat, atbp.
Obstetriks at Hinekolohiya	Tinatrato ang bahay-bata at obarya, mga sakit na tangi sa mga babae, pagbubuntis at panganganak. Ginagawa rin ang pagrereseta ng gamot at pagbibigay ng mga gamit para sa pag-iwas ng pagbubuntis. *Ang kanser sa suso ay tinatrato sa pag-ooperang sangay ng medisina.	Myoma sa bahay-bata, endometriosis, menopause, pagkabaog, atbp.
Pedratiko	Tinatrato ang mga sakit ng bata. Ginagawa rin ang pagbabakuna at pagsusuri ng kalusugan ng mga sanggol. Tumatanggap ng mga pasyente na hanggang 18 taong gulang.	sipon (ng mga bata), hika, tigdas, atopic dermatitis, inguinal hernia, atbp.
Yurolohiya	Tinatrato ang mga sakit sa bato at lalagyan ng ihi, at mga sakit sa ari ng lalaki tulad ng prostate gland.	cystitis, nephritis, kidney stones, prostatomegaly, atbp.
Neurosurgery	Tinatrato ang mga malubhang kapinsalaan sa ulo, at mga sakit ng utak at sa mga paligid nito.	Pagdudugo sa utak, cerebral stroke, subarachnoid hemorrhage, atbp.
Sikiyatrika	Tinatrato ang mga sakit na may kasamang sintomas tulad ng pagkabalisa, pagkalumbay, di-pagkatulog, atbp. May kasong nagbibigay din ng pagpapayo.	Schizophrenia, major depressive disorder, stress disorder, dementia, atbp

Ang paraan ng pagpapatingin

Sa mga ospital sa Japan, hindi karaniwan ang pagkuha ng appointment. Ang mga tao ay pumupunta upang magpatingin sa gusto nilang oras sa loob ng oras na bukas ang ospital para tumanggap ng mga magpapatingin, ang hindi maganda dito ay ang karaniwang mahabang paghihintay.

Ang paraan ng pagpapatingin ay naka-detalya sa ibaba. Kung may kasama kayong tagapagsalin, kailangan ninyong ipaalam sa kanila sa umpisa.

1) Mga rehistrong kailangan upang magpatingin.

- Gagawaan kayo ng isang kard para sa pagpapatingin at ng medikal na talaan ng pagpapatingin.

2) Pumunta sa sangay na nais ninyong magpatingin

- Kapag tapos na kayo sa mga pagrerehistro, magbigay ng kahilingan upang magpatingin at pumunta sa sangay na nais ninyong magpatingin.

3) Mga pamamaraan sa sangay ng medisina.

- Kung kayo ay may hawak na sulat ng pagpapakilala o mga resulta ng pagsusuri galing sa ibang

- ・診察が終わったら、病名や治療法についての説明を受けます。薬が必要な場合は処方されます。
- ・診断書が必要な場合は申し出てください（数日かかることがあります）。

6) 会計

- ・現金のほか、クレジットカードや銀行振込みが利用できる病院もあります。

7) 薬局

- ・会計で伝票をもらったら、それと引き換えに薬局窓口で薬を受け取ります。
- ・処方箋を持って、病院の外の薬局に買いに行くこともあります。これを「院外薬局」といいます。院外薬局の場合、処方箋の有効期間は発行日を含めて4日間です。

●薬について

基本的な注意点

薬には、大きく分けて内服薬（のみ薬）、外用薬（ぬったり、はったりする薬）、注射薬（注射して使う薬）があります。受け取るときにどのような使い方をするのか確認し、正しく使いましょう。

薬はそれぞれの人の症状や体格に合わせて、内容や量が決められています。人にあげたり、人からもらったりすることは思わぬ症状の原因になります。絶対にやめましょう。

薬をのむタイミング

説明書によく書いてあるのは次のようなものです。薬によってちがうので必ず確認しましょう。

◇食後

- ・食事をとった後約30分以内のみます。
- ・朝・昼・夕の3回か、朝・夕の2回が一般的です。
- ・朝食を食べる習慣のない人も、少し何か食べるか飲んでからのむようにしましょう。

◇食間

- ・「食事と食事の間」という意味で、食後2時間くらいたってからのみます。

◇食前

- ・食事をとる直前（空腹時）のみます。

◇眠前（寝る前）

- ・夜、寝る30分くらい前のみます。

◇頓用（頓服）

- ・症状に応じてのみます。

（例）熱があるとき、痛いとき、眠れないとき、咳がでるとき、便秘のとき、下痢のときなど

外用薬のいろいろ

名前によって使いがちがいます。まちがいがやすいものもあるので注意しましょう。

◇軟膏・クリーム

ospital, ibigay ninyo ang mga ito ngayon.

- Bibigyan kayo ng isang palatanungan, sagutan lamang ito.

4) Paghihintay

- Ang pagpapatingin ay ginagawa ng sunud-sunod batay sa kung sino ang unang dumating. Hanggang tawagin ang pangalan at numero ninyo, kailangan kayong maghintay.

5) Ang pagpapatingin

- Batay sa pangangailangan, maaari kayong dumaan sa mga pagsusuri o mga may kinalamang mga gawain. Maaaring may di-pangkaraniwang pamamaraan ng pagsuri ayon sa sangay ng medisina na inyong pinuntahan.
- Pagkatapos ng pagsusuri, bibigyan kayo ng paliwanag tungkol sa pangalan ng inyong sakit at ang paraan ng paggamot nito. Kung kailangan ng gamot bibigyan kayo ng kailangang reseta.
- Kapag kailangan ninyo ng sertipiko, humiling kayo na mabigyan (may mga kasong inaabot ng ilang araw bago maibigay ang sertipiko).

6) Pagbabayad

- Maliban sa pagbayad ng pera, may mga ospital na tumatanggap ng credit cards o maaaring ihulog sa banko ang bayad.

7) Parmasya

- Kapag kayo ay binigyan ng resibo pagkatapos magbayad, dalhin ang resibong ito sa parmasya at ipagpalit sa inyong gamot.
- May mga kasong kailangan ninyong dalhin ang reseta sa isang parmasya sa labas ng ospital upang mabili ang mga gamot. Ito ay tinatawag na [parmasya sa labas ng ospital (*ingai yakkyoku*)]. Kapag kailangan ninyong bilhin ang mga gamot sa isang parmasya sa labas ng ospital, ang reseta ay magagamit sa loob ng 4 na araw kasama ang araw na ito ay inyong natanggap.

● Tungkol sa mga gamot

Mga pangunahing pag-iingat

Ang mga gamot ay malawak na nahahati sa gamot pang-internal (mga gamot na iniinom), mga gamot na ginagamit sa labas ng katawan (mga gamot na pinapahid o tinatapal), at mga gamot ng pang-iniksyon (mga gamot na ini-iniksyon kapag ginamit). Kapag natanggap ang gamot, tignan kung papaano ito ginagamit at gamitin ng wasto. Ang nilalaman at ang dami ng kailangang gamitin ay binabatay sa mga sintomas at sa tipo ng katawan ng pasyente. Ang pagbigay o pagtanggap ng gamot mula sa ibang tao ay maaaring maging sanhi ng mga di-inaasahang mga sintomas. Huwag na huwag gawin ito.

Ang tamang tiyempo ng pag-inom ng gamot

Ang mga sumusunod ay ang karaniwang nakasulat na paraan sa pag-inom. Ito ay naiiba sa bawat gamot kaya kailangan siguraduhin ito.

◇ Pagkatapos kumain

- Inumin as loob ng 30 minuto pagkatapos kumain.
- Karaniwan ay 3 beses na sa umaga / tanghali / gabi, o 2 beses na sa umaga / gabi.
- Para sa mga taong karaniwan ay hindi kumakain sa umaga, kumain o uminom ng kaunti ng kahit ano man bago inumin ang gamot.

◇ Sa pagitan ng pagkain

- Ang ibig sabihin nito ay [sa pagitan ng 2 pagkain], inumin ang gamot 2 oras pagkatapos kumain.

◇ Bago kumain

・皮膚や粘膜などに直接塗ります。

◇貼り薬

・指示された場所に貼ります。

・傷が治るのを助ける薬のほかに、皮膚から吸収させて全身に作用するものもあります。

◇湿布

・直接貼るものと、軟膏状の薬をガーゼなどに塗って皮膚にあてるものなどがあります。

◇点眼・点鼻・点耳

・点眼は眼に、点鼻は鼻に、点耳は耳にたらしめて使う薬です。

・左・右・両側のどこに使うか確認して使いましょう。

◇坐薬

・肛門や膣などに挿入して使う薬です。

・内服薬のような形をしているものもあります。まちがえてのまないように気をつけましょう。

・室温で溶けやすい薬（痛み止めの坐薬など）は、冷蔵庫など温度の低いところで保管します。

薬剤師の役割

薬剤師は薬を扱う専門家です。薬局には必ず薬剤師がおり、薬の効果や副作用、のみ方の注意点など、いろんな相談に対応してもらえます。わからないことがあれば遠慮せずにあずねてみましょう。

日本では薬剤師が診察や注射をすることは認められていません。

●夜間・休日の場合

夜間・休日診療

病院も診療所も、夜遅くや休日には通常の診療をしていません。その場合、夜間・休日担当医のいる病院に行くことになります。担当医は交替制で、地域によって決まっています。

県内の夜間・休日担当医は「おおいた医療情報ほっとネット (<http://iryjo-joho.pref.oita.jp/>) から検索することができます（日本語のみ）。また新聞（地方版のページ）にもなっています。

専門外の医師が担当することもあり、また、十分な検査などができない場合もありますので、なるべく診療時間内に受診することを心がけましょう。

救急車の利用のしかた

急な病気やけがで、自力で病院に行くことができないときは、救急車（電話番号：119）を呼んで、病院まで搬送してもらうことができます。通話料や救急車の利用は無料ですが、搬送先の病院では診療費がかかります。

救急車の台数には限りがあります。緊急性の高い人のところに迅速に行けるよう、ほんと

- Inumin bago mismo kumain (habang nagugutom).
- ◇ Bago matulog (bago humiga sa kama)
 - Sa gabi, inumin mga 30 minuto bago humiga sa kama
- ◇ Para sa isang inuman (iinumina lamang ng isang beses)
 - Iinumina batay sa sintomas
(Halimbawa) Kapag nagkalagnat, kapag sumakit, kapag hindi makatulog, kapag inubo, kapag tinibi, kapag nagtatae, atbp.

Ang iba't-ibang uri ng gamot na ginagamit sa labas ng katawan

Batay sa pangalan, ang paggamit ay iba-iba. May mga gamot na madaling magkamali sa paggamit kaya mag-ingat lamang.

- ◇ Ointments / creams
 - Ipahid ng direkta sa balat, mucous membrane, atbp
- ◇ Mga tinatapal na gamot
 - Itapal lamang sa lugar na sinasabi.
 - Maliban sa mga uri na tumutulog sa paggaling ng sugat, mayroon na sinisipsip ng balat at gumagana sa buong katawan.
- ◇ Mga pantapal na gamot
 - May mga uri na direktang dinidikit at mayroon namang pinapahid ang parang ointment na gamot sa gase at ang gase ay dinidikit sa balat.
- ◇ Pampatak sa mata / ilong / tainga
 - Gamot na pinapatak sa mata, pinapatak sa ilong o pinapatak sa tainga.
 - Tignan kung alin ang gagamitin para sa kaliwa at sa kanan.
- ◇ Suppository
 - Mga gamot na pinapasak sa puwit o sa puwerta ng babae.
 - Mayroon na ang hugis ay tulad ng mga gamot na iniinom. Mag-ingat na hindi magkamali sa paggamit.
 - Ang mga gamot na madaling malusaw sa init sa loob ng silid ay dapat itabi sa pridiyeder o sa mga lugar na malamig.

Ang papel ng isang parmasyutiko

Ang parmasyutiko ay isang dalubhasa sa mga gamot. Sa bawat parmasya ay palaging may parmasyutiko na maaaring mapagsanggunian sa mga iba't-ibang bagay tulad ng maganda at masamang epekto ng gamot, at mga bagay na dapat pag-ingatan sa pag-inom ng gamot. Kapag may nais kayong malaman tungkol sa gamot, huwag mag-atubiling magtanong.

Sa Japan, hindi pinapayagang magsuri o magbigay ng inikson ang isang parmasyutiko.

● Sa gabi / araw na pahinga ang trabaho

Mga pagpapatingin sa gabi / araw na pahinga ang trabaho

Karaniwan, ang mga ospital at klinika ay hindi nagsusuri kapag gabing-gabi na at sa mga araw na pahinga ang trabaho. Sa kasong ito, kailangan pumunta sa ospital na may nakatokang manggagamot sa gabi at sa mga araw na pahinga ang trabaho. Ang nakatokang manggagamot ay binibigyan ng toka at ito ay nakatakda batay sa bayan.

Ang nakatokang manggagamot sa gabi / araw na pahinga ang trabaho sa loob ng prefecture ay mahahanap sa [Oita Medical Information Hot-net] (<http://iryu-joho.pref.oita.jp/>) (sa wikang Hapon

うに必要なかどうか考えてから利用しましょう。

119番で話すこと

- ・電話をかける時まず「火事ですか、救急ですか」と聞かれますので、「救急です」と答えましょう（119番は消防（火事）と救急の両方に対応しています）。
- ・どんなことが起こったかを具体的に説明します。
例：車にはねられた、高いところから落ちた、急に意識を失って倒れた、大量に出血している
- ・患者の人数とおおよその年齢（子ども、大人、老人など）を告げます。
- ・今いる場所はどこかを説明します。外にいて、今いる場所がわからないときは、近くの目印になる建物などを説明しましょう。
*救急車を呼んでから現場に到着するまでの時間は、約7～8分です。可能であれば誰かがわかりやすい場所に出て救急車を誘導しましょう。

救急車が到着したら

- ・救急隊員に状況や、救急車が来るまでに行なった応急処置などを説明します。
- ・必要に応じて救命処置をしますので、救急隊員の指示に従ってください。
- ・搬送先の病院を決めてから出発します。状況を説明できる人が付き添ってください。
- ・かかりつけ医がある場合は、名前を救急隊員に伝えてください。

lamang). Sila ay nakalathala din sa mga pahayagan (pahina para sa mga balita sa bayan). May kasong isang espesyalista ang nakatoka, ngunit may mga kasong hindi sapat ang magagawang pagpagsuri, sikapin na pumunta upang magpatingin sa oras na tumatanggap ng mga nagpapatingin.

Ang paraan ng paggamit ng ambulansya

Kapag hindi makapunta sa ospital ng sarili dahil sa biglang pagkasakit o pagkapinsala, maaari tumawag ng ambulansya (telepono: 119) upang dalhin kayo sa ospital. Libre ang pagtawag at paggamit ng ambulansya ngunit kayo ay sisingilin ng pagpapatingin sa ospital na pinagdalan sa inyo.

May limitasyon sa bilang ng mga ambulansya. Para sila ay makarating ng mabilis sa mga taong may kailangan, pag-isipan mabuti kung kayo ay talagang nangangailangan ng ambulansya bago tumawag ng isa.

Ang pagtawag sa 119

- Kapag tumawag sa 119, kayo ay tatanungin muna ng [sunog po ba, emerhensiya po ba? *kaji desu ka, kinkyu desu ka?*], at kailangan ninyong sagutin ng [emerhensiya po *kinkyu desu*] (ang 119 ay tawagan para sa bombero (sunog *kaji*) at para sa mga emerhensiya).
- Ipaliwanag ng madetalya ang nangyari.
Halimbawa: Siya ay binundol ng sasakyan, siya ay nahulog mula sa mataas na lugar, bila siyang nawalan ng malay at natumba, siya ay malubhang dinudugo.
- Sabihin kung ilang ang pasyente at ang palagay ninyo na kanilang mga edad (bata, mama o ale, matanda, atbp.)
- Ipaliwanag kung nasaan kayo ngayon. Pumunta sa labas, kung hindi ninyo alam kung nasaan kayo ngayon, at ipaliwanag ang mga gusali o anumang maaaring maging palatandaan.
* Ang panahon na makakarating ang ambulansya sa inyong kinaroroonan ay mga 7 ~ 8 minuto.
Kung maaari, papuntahin ang isang tao sa lugar na madaling makita at magsilbing gabay para sa ambulansya.

Kapag dumating ang ambulansya

- Ipaliwanag ang kalagayan sa tauhan ng ambulansya, at kung anuman ang ginawa habang naghihintay sa pagdating ng ambulansya.
- Maaaring isagawa ang mga hakbang upang maligtas ang buhay ng pasyente kaya sundin lamang ang mga utos ng tauhan ng ambulansya.
- Lalakad ang ambulansya pagkatapos matiyak ang patutunguhang ospital. Hihilinging sumama ang isang maaaring makapagpaliwanag ng mga pangyayari.
- Kung may manggagamot na tumitingin sa pasyente, sabihin lamang ang pangalan sa tauhan ng ambulansya.

第3部 妊娠・出産・子育て

日本の母子保健サービスは、妊娠から子育ての時期にかけて、いろいろなものがあります。制度をよく理解して、上手に利用しましょう。

●妊娠

妊娠したかなと思ったら

- ・生理が1週間以上遅れている
- ・吐き気がして気分が悪い（特に朝起きたとき）
- ・腰がだるい
- ・乳房が張ってきた

以上のような症状があれば、妊娠している可能性があります。早めに産婦人科を受診して、妊娠に問題がないか確認をしましょう。（市販の妊娠検査薬で、事前に検査することもできます。）

母子健康手帳

妊娠の診断を受けたら、住んでいる市町村役場に行って母子健康手帳をもらいましょう。

◇母子健康手帳の役割

- ・妊娠中に受けた健診や、感染症の検査の結果、出産の状態を記録します。
- ・妊婦健診の公費負担券（受診券）がついており、健診にかかる費用負担が少なくなります。
- ・出生届を出したという公的な証明になります。

◇多言語の母子健康手帳

母子衛生研究会が、英語、中国語、韓国語、スペイン語、ポルトガル語、タガログ語、タイ語、インドネシア語（いずれも日本語併記）の母子健康手帳を発行しています。個人で注文することもできますが、役所によっては取り寄せをしてくれるところもありますので、必要に応じて問い合わせてみましょう。

コラム：出産予定日とは

- ・出産予定日とは、もっとも最近あった生理の第1日目から数えて40週（280日）目のことです。必ずこの日に出産するわけではありません。
- ・検査の結果、途中で予定日を修正することがあります。

妊婦健診

妊婦健診で定期的に母子の健康状態をチェックし、必要があれば治療や保健指導を受けます。

◇受診回数

日本では、以下の回数が目安とされています。

3 Pagbubuntis / Panganganak / Pagpalaki ng Bata

May mga iba't-ibang uri ng serbisyo ng insurance para sa isang ina at sa kanyang anak sa Japan, mula ng pagbubuntis hanggang sa pagpalaki ng bata.

● Pagbubuntis

Kapag palagay ninyo na kayo ay buntis

- Kapag ang inyong regla ay mahigit 1 linggong nahuli
- Kapag kayo ay nasusuka at hindi maganda ang inyong pakiramdam (lalo na sa umaga paggising)
- Kapag mabigat ang pakiramdam ng ang inyong balakang
- Kapag maga ang inyong suso

Kapag mayroon kayong mga sintomas tulad ng nakasulat sa itaas, maaaring kayo ay buntis. Maganda na magpatingin kayo agad sa isang OB/GYN, para malaman kung may parolema ang inyong pagbubuntis. (Maaari ding tignan kung kayo ay buntis sa paggamit ng mga pregnancy test kits na binibenta sa mga tindahan.)

Ang Libreta para sa Kalusugan ng Ina at Bata (*Boshi Kenko Techo*)

Pagkatapos kayong magpatingin kung kayo ay buntis o hindi, pumunta sa munisipyo ng inyong bayan at kumuha ng Libreta para sa Kalusugan ng Ina at Bata

◇ Ang gamit ng Libreta para sa Kalusugan ng Ina at Bata

- Itatala dito ang lahat ng pagsusuri sa inyo habang buntis, ang mga resulta ng pagsusuri para sa mga nakakahawang sakit, at ang kalagayan ng inyong panganganak.
- May kasama itong mga tiket para sa tulong ng pamahalaan sa pagbayad ng mga pagpatingin habang buntis (tiket para sa pag-iksamen ng pagbubuntis), ang bayad sa pagpatingin ng pagbubuntis ay mababawasan.
- Magsisilbi ito na patunay na ipinaalam ninyo sa pamahalaan ang kapanganakan ng inyong anak.

◇ Libreta para sa Kalusugan ng Ina at Bata sa iba't-ibang wika

Ang Mother's and Children's Health and Welfare Association ay naglathala ng Libreta para sa Kalusugan ng Ina at Bata sa wikang Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges, Tagalog, Thai at Bahasa Indonesia (lahat ay may kasamang wikang Hapon). Maaaring bilhin ito ng sarili, at may mga munisipyong din na maaaring bilhin ito para sa inyo, kaya makipag-ugnayan lamang sa kanila kung ito ay kailangan.

Kulumna: Ano ang “palagay na araw ng panganganak” (*shussan youteibi*)

- Ang “palagay na araw ng panganganak” (*shussan youteibi*) ay ang ika-40 linggo (ika-280 araw) mula sa unang araw ng inyong huling regla.
- Dahil sa resulta ng mga pagsusuri sa inyo, maaaring mapalitan ang “palagay na araw ng panganganak” (*shussan youteibi*).

Ang pagsusuri ng kalusugan para sa mga buntis

Ang kalusugan ng ina at bata ay panayang tinitignan sa mga pagsusuri ng kalusugan para sa mga buntis, ginagamot at binibigyan din ng payo sa kalusugan kung kinakailangan.

◇ Ang bilang ng pagpatingin

Sa Japan, ang sumusunod ay ang mga tinuturing na karaniwan.

- Isang beses tuwing 4 na lingo hanggang sa ika-24 na linggo

- ・24週までは4週間に1回
- ・24週～36週までは2週間に1回
- ・36週以降は1週間に1回

*体調が悪いとき、相談したいことがあるときはこの限りではありません。

◇妊婦健診で行なうこと

- ・検査（尿と血圧は毎回、その他血液検査など）
- ・計測（体重、腹囲）
- ・診察
- ・相談、保健指導（必要なとき）

こんなときは早めに受診しましょう！

・出血がある ・下腹部が痛い ・おりものが多い ・むくみがひどい

これらの症状がみられたら、何か問題が起こっている可能性があります。妊婦健診の予定日でなくても、受診して異常の有無を確かめましょう。

出産の場所を決める

出産予定日が決まったら、早めに出産の場所を決めましょう。外国人の場合、日本で出産するか、国に帰って出産するかの2通りが考えられます。

◇日本で出産する場合

（よい点）同じ病院で継続して診察を受けるため、問題が起こっても早めに発見することができる。

病院などで、出産後も助け合える友だちができる。

（悪い点）日本語のコミュニケーションができないと、問題があったときに伝えるのがむずかしい。

◇出身国で出産する場合

（よい点）母親や親戚などが近くにいるので、頼りにすることができる。

（悪い点）長距離の移動をしなければならないため、リスクが大きい。

安静が必要になった場合、国に帰ることができなくなるおそれがある。

出身国から母親の呼び寄せができることもあります。その場合、ビザを申請しなければならないことがあるので、早めに準備を始める必要があります。

*ビザが必要かどうかは入国管理局などで確認しましょう。

地域で受けられるサービス

住んでいる市町村ごとに、母子保健に関するサービスが提供されています。ほとんどの場合無料ですが、外国語に対応しているところはほとんどありません。日本語がわかる人に頼むなどして問い合わせをしましょう。

◇母親学級（両親学級）

- ・妊娠中の過ごし方や出産の流れ、赤ちゃんのおふろの入れ方などを学ぶことができます。

- Isang beses tuwing 2 linggo mula ika-24 hanggang ika-36 na linggo
- Isang beses sa isang linggo mula ika-36 na linggo
 - * Kapag ang kalagayan ng inyong katawan ay hindi maganda o mayroon kayong nais isangguni, hindi kailangang sundin ang mga nakasulat sa itaas.
- ◇ Ang mga ginagawa sa pagsusuri ng kalusugan para sa mga buntis
 - Mga pagsusuri (pagsusuri ng ihi at pagsusukat ng blood pressure ay ginagawa tuwing punta, ang iba pang pagsusuri ay ang tulad ng pagsusuri ng dugo, atbp.)
 - Pagsusukat (bigat, laki ng bilog ng tiyan)
 - Medikal na pagsusuri
 - Sangguni, payo tungkol sa kalusugan (kung kailangan)

Magpatingin agad sa mga sumusunod na mga kaso!

- Kapag dinugo
- Kapag sumakit ang tiyan
- Kapag malubhang nilalabasan ng diskarga
- Kapag malubhang minamamas

Kapag mayroon kayo ng mga sintomas na ito, maaaring may problemang nangyayari. Kahit hindi pa araw ng pagpatingin, pumunta at magpatingin upang malaman kung may dapat kaabalahan.

Pagpasiyahan kung saan manganganak

Kung natiyak na ang “palagay na araw ng panganganak” (*shussan youteibi*), pagpasiyahan kung saan ninyo ipapanganak ang inyong sanggol sa lalong madaling panahon. Para sa mga dayuhan, ang 2 bagay ang maaaring pag-isipan ay kung kayo ay manganganak sa Japan o kung kayo ay uuwi sa inyong bansa upang manganak.

◇ Kapag kayo ay manganganak sa Japan

(Kagandahan) Dahil kayo ay tuluyang magpapatingin sa parehong ospital, kapag nagkaroon ng problema ito ay maagang malalaman. Maaari rin kayong makipagkaibigan upang makipagtulungan matapos manganak.

(Kasamaan) Kung kayo ay hindi nakakapag-usap sa wikang Hapon, mahihirapan kayong ipaliwanag kapag may problemang nangyari.

◇ Kapag kayo ay nanganak sa inyong bansa

(Kagandahan) Ang inyong ina at mga kamag-anak ay nasa malapit at maaasahan ninyo.

(Kasamaan) May peligro ang lumakbay sa malalayong lugar.

Sa kasong kailangan ninyo ng pahinga, maaaring hindi kayo makaka-uwi sa inyong bansa.

Maaaring papuntahin dito ang inyong ina mula sa inyong bansa. Sa kasong ito, kailangan ang visa kaya agahan ang pag-umpisa ng paglakad ng mga papeles.

* Tiyakin sa tanggapan ng imigrasyon kung kailangan ang visa o hindi.

Mga serbisyong matatanggap sa inyong bayan

Ang bawat munisipalidad ay nagbibigay ng mga serbisyo para sa kalusugan ng ina at ng kanyang anak. Halos lahat ng serbisyong ito ay libre ngunit hindi matutugunan ang makipag-ugnayan sa wikang dayuhan. Humiling sa isang marunong umintindi ng wikang Hapon at magtanong tungkol sa mga serbisyong ito.

◇ Klase para sa mga ina (Klase para sa mga magulang)

- Matututunan kung paano palilipasin ang panahon ng pagbubuntis at ang tungkol sa pamamaraan ng panganganak, ang pagpaligo sa sanggol, atbp.
- Ito ay sinasalihan ng mga buntis na malapit nang manganak. Maaari ding sumali ang ama ng bata kasama ang manganganak.

- ・ 出産予定日の近い人が集団で受けます。子どもの父親もいっしょに受けられることがあります。

◇訪問指導

- ・ 助産師や保健師に家に来てもらって、妊娠や出産についての相談をすることができます。
- ・ 詳しくは市町村役場に問い合わせてください。

● 出産

日本でのシステム

◇入院

- ・ 入院期間は出産後1週間くらいのところが一般的です。
- ・ クリニックの場合ほとんどが個室ですが、大きな病院の場合2～4人部屋のこともあります。
- ・ 赤ちゃんと同じ部屋の場合と、別々の場合があります。
- ・ 入院中に、産後の過ごし方や赤ちゃんのおふろの入れ方の指導を受けます。

◇費用

- ・ 1回の出産にかかる入院費は40万円～50万円くらいが一般的です。
- ・ 加入している公的保険によって、「出産育児一時金」が支払われます。

入院～出産の流れ

陣痛が10分おきに始まった時点で分娩開始と判断します。分娩にかかる時間は、平均すると初めての場合約12時間、2回目以降で6～8時間です。ただし個人差があります。

1) 病院に連絡

- ・ 陣痛が始まるか、破水が起こった場合病院に電話して入院します。
- ・ 初めて出産する場合10分の陣痛、2回目以降の場合10～15分ごとの陣痛が一応の目安です。

2) 診察

- ・ 赤ちゃんの心拍数や子宮の状態を確認します。
- ・ 病院によっては、入院時に浣腸をすることがあります。

3) 分娩監視装置による観察

- ・ 「陣痛室」という部屋で待機をします。そのとき、胎児心拍と陣痛を継続的に測定します。

4) 分娩室への移動

- ・ 子宮口が十分(10cmくらい)開いて、出産の準備ができたら分娩室に移動します。病室で出産できる施設もあります。
- ・ 家族が立ち会うことができる場合もあります。

5) 出産

- ・ 分娩台の上で仰向けになって出産するのが一般的です。
- ・ 万一にそなえて点滴注射をします。
- ・ 出産後は、問題がなければ約1～2時間で病室に戻ります。

◇ Pagbisita sa bahay para sa sangguni

- Maaring humiling ng isang dalubhasa sa panganganak o sa isang may karunungan tungkol sa kalusugan na pumunta sa inyong bahay upang kayo ay makapagsangguni tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa pagbubuntis at panganganak.
- Para sa mas detalyadong impormasyon, magtanong lamang sa inyong munisipyo.

● Panganganak

Ang sistema ng Japan

◇ Pagpapa-ospital

- Sa karamihan ng mga ospital, karaniwan ang pagpapa-ospital ay mga isang linggo pagkatapos manganak.
- Karaniwan, binibigyan ng sariling silid sa mga klinika, ngunit sa malalaking ospital, may mga kasong ang silid ay para sa 2~4 na tao.
